
Jesus Film Project®
A Cru Ministry

# ISAALANG-ALANG SI *Jesus*



**10-LINGGO NA ISTRATEHIYA PARA SA MALILIIT NA GRUPO NG KOMUNIDAD**

# Isaalang-alang si Jesus

## 10-Linggo na Istratehiya Para sa Maliliit na Grupo ng Komunidad

*Gamit ang pelikula na,* Magdalena: Kalayaan mula sa Kahihiyan*, ito'y makakatulong sa mga tao na maunawaan ng mabuti kung sino si Jesus at kung ano ang ibig sabihin ng pagsunod sa Kanya.*

Jesus Film Project®
A Cru Ministry

# Gagamitin ka ng Diyos sa makabuluhang paraan upang maitaguyod ang Kanyang kaharian sa iyong komunidad.

Maglaan ng sandali upang alalahanin ang unang pagkakataon na nakilala mo si Jesus—ang Kanyang habag, kabutihan, kabanalan, kahinahunan, at pagkadakilang Hari. Siya lamang ang iyong inaasahan at ang tanging makapagliligtas at tutubos sa iyo. Siya ang iyong pag-asa, at Siya rin ang pag-asa ng lahat ng mga tao at ng mga bansa.

Isinulat ni apóstol Juan sa Aklat ng Pahayag:

"Pagkatapos nito'y nakita ko ang napakaraming tao na di-kayang bilangin ninuman! Sila'y mula sa bawat bansa, lipi, bayan, at wika. Nakatayo sila sa harap ng trono at ng Kordero, nakadamit ng puti at may hawak na mga palaspas. 10 Isinisigaw nila, "Ang kaligtasan ay nagmumula sa ating Diyos na nakaluklok sa trono, at sa Kordero!" (Pahayag 7:9-10, MBB).

Taglay mo ang isang pambihirang kaalaman kung sino ang Hari ng mga hari, at nais ka naming ihanda at sanayin na maibahagi Siya sa iba at sama-samang lumago sa loob ng pamilya ng Diyos.

Sa huling bahagi ng aklat ng Ebanghelyo ayon kay Mateo ay ganito ang sinabi ni Jesus:

"Kaya't humayo kayo, gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng mga bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. Tandaan ninyo, ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon." (Mateo 28:19-20, MBB).

Sinabi Niya sa atin ang humayo, magdisipulo, magbautismo, at magturo sa mga tao, at maaasahan natin ang Kanyang palagiang pagsama sa atin sa bawat hamon at mga hadlang na ating makakaharap. Ang *Isaalang-alang si Jesus* ay nagbibigay sa atin ng isang maganda at kapaki-pakinabang na istratehiya. Gamit ito ay magagawa mong makapaghubog ng mga masisigasig na disipulo na handang ibahagi ang kanilang mga buhay habang sila'y lumalago sa pagkatuto kung sino si Jesus.

Ang *Isaalang-alang si Jesus* ay gumagamit ng mga segment mula sa pelikula na *Magdalena: Kalayaan mula sa Kahihiyan*, na naglalarawan sa biblikal na kwento tungkol kay Jesus gamit ang patotoo ni Maria Magdalena. Ito ay isang napakagandang paraan na gamitin sa isang maliit na grupo na binubuo ng mga miyembro ng pamilya, o kaya'y ng mga kaibigan, o ng mga kakilala. Habang pinapanood ng grupo ang bawat bahagi ng pelikula, sila'y higit na matututo tungkol sa buhay ni Jesus, sa Kanyang mga ginawang himala, sa Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay. Maaaring marami ang sumunod kay Jesus ng dahil sa pagkakahikayat sa kung sino Siya, at may iba naman na maaaring maghangad ng marami pang pagkakataon na matuto tungkol sa Kanya. Sa katapusan ng mga serye, ang *Isaalang-alang si Jesus* ay nagbibigay ng imbitasyon para sa higit pang talakayan sa loob ng isang maliit na grupo gamit ang *Rivka* o kaya'y ang *Makilala si Jesus* na mga materyales na nilikha ng Jesus Film Project®.

Mayroong apat na simpleng hakbang sa paggamit ng *Isaalang-alang si Jesus*.

# Unang Hakbang 01

## Alamin kung sino ang gusto mong abutin

Sino ang nais mong makakilala kay Jesus ng higit pa? Mayroon bang isang lugar o kapitbahay na nangangailangan ng pagkakilala sa Kanya? Sila ba'y grupo ng mga kaibigan o mga katrabaho?

Una, alamin mo kung sino ang taong "maibigin sa kapayapaan" sa lugar na iyon. Sa Lukas 10:6 ay mababasa natin na sinugo ni Jesus ang Kanyang 72 mga tagasunod upang ipahayag ang Kanyang mensahe. Sinabi Niya sa kanila na maghanap ng taong maibigin sa kapayapaan na magpapatuloy sa kanila sa bawat lugar na pupuntahan nila.

Ang isang taong maibigin sa kapayapaan, bagamat di kailangan na isang mananampalataya, ay:

- Bukas ang isipan kay Cristo at sa Kanyang mga turo
- Maimpluwensiya at kilala sa komunidad
- Mayroong pagkukusa at magagawa kang maipakilala sa kanilang network ng mga kakilala doon mismo sa komunidad na iyong napili
- Masisiyahan na tulungan ka na mag-imbita ng mga manonood ng pelikula na *Magdalena*

Iminumungkahi namin na bumuo ka ng relasyon sa ganitong uri ng tao. Pwede mong gamitin ang tatlong-hakbang na proseso bilang iyong gabay para sa paghubog ng relasyon sa taong ito na maibigin sa kapayapaan.

**a. Panalangin**
Ipanalangin mo ang taong ito na maibigin sa kapayapaan. Manalangin na ipakita at ipakilala sa iyo ng Diyos ang taong ito – isang tao na maipapakilala ka sa kanilang pamilya at mga kaibigan. Kapag nakilala mo ang taong ito, tanungin mo kung paano ka makakatulong sa kanya sa pamamagitan ng panalangin.

**b. Pagmamalasakit**
Habang iyong ipinapanalangin ang bagong kaibigan na ito at inaalam ang kanyang mga pangangailangan, ipakita mo ang iyong pagmamalasakit sa pamamagitan ng pakikinig at pagtulong sa kanya. Maging isang tunay at matulunging kaibigan.

**c. Pagbabahagi**
Sa ating pakikinig sa mga tao at pagtulong sa kanilang mga pangangailangan, nagkakaroon rin tayo ng pagkakataon na maibahagi ang mabuting balita ni Jesus. At sa gayong pagkakataon, ibahagi natin ang mabuting balita ni Jesus at ang Kanyang kapatawaran, lalo't sa taong maibigin sa kapayapaan, yun ay kung hindi pa niya nakikilala si Jesus.

# Ikalawang Hakbang

# 02

## Pelikulang *Magdalena: Kalayaan mula sa Kahihiyan*

Para sa istratehiyang ito, gagamitin natin ang pagtitipon ng grupo ng mga kababaihan bilang ating halimbawa, ngunit ang pagtitipong para sa mga kalalakihan at sa pamilya ay maaari ring gumamit ng *Isaalang-alang si Jesus*!

Kasama ang iyong nakilalang kaibigan na maibigin sa kapayapaan, imbitahan ninyo ang ilang mga kababaihan na panoorin ang *Magdalena*, marahil ay sa bahay mismo ng nakilala mong maibigin sa kapayapaan. Magkaroon ng kaunting salo-salo at pagkatapos ay panoorin ang pelikula. Gawin mo ang lahat ng paraan para maipadama ang mabuting pagtanggap sa mga panauhin.

Ang *Magdalena* ay libre at matatagpuan sa Jesus Film Project website at sa Jesus Film Project app. Ito ay maiintindihan sa 200 na mga wika. Kung mayroon kang telebisyon na mayroong USB port, gamitin mo ang flash drive at panoorin ang *Magdalena*. Kung ikaw naman ay mayroong tablet, i-set mo ang bluetooth speaker nito at maaari mong ipanood ang pelikula sa isang maliit na grupo na binubuo ng 10 o sa higit pang mga katao kung mayroon kayong malaking espasyo.

Sa pagtatapos ng pelikula, magbigay ng dalawang paanyaya sa iyong tagapanood para sa dagdag na talakayan.

Una, anyayahan mo ang mga kababaihan na maging mga tagasunod ni Jesus. Maaari mong gamitin ang iyong sariling kwento sa buhay at i-ugnay ito sa pelikulang napanood nila.

Ikalawa, anyayahan mo silang muli para sa ikalawang pagkakataon upang higit pa ninyong pag-usapan ang mga bagay na tungkol kay Jesus! Hikayatin mo silang magdala ng kanilang mga kaibigan na maaaring maging interesado. Sa pamamagitan nito ay magagawa mong tugunan ang kanilang mga katanungan at masimulan na ring pag-aaralan ang mga kwento tungkol kay Cristo sa pamamagitan ng kurikulum na *Isaalang-alang si Jesus*.

Pagkatapos nito, gumugol pa ng sapat na panahon para makilala ang mga kababaihan na dumalo. Ang mga kwento at tema na kanilang nakita sa pelikula ay maaaring magpaalala sa kanila ng mga masasakit na karanasan. Maari mong ipanalangin ang bawat isa sa kanila kung kinakailangan.

Ngayon ay dumako tayo sa pinakamainam na bahagi!

# Ikatlong Hakbang

# 03

## Pasimulan mo ang iyong bagong maliit na grupo ng komunidad na mag-aaral ng *Isaalang-alang si Jesus*.

Ipanalangin mo ang bawat kababaihan na nagpahayag ng interes kay Jesus at sa inyong munting pagtitipon – na nawa'y ang kanilang puso ay ihanda ng Banal na Espíritu. Manalangin na nawa'y ang kwento tungkol kay Jesus ay maging mahalaga at makabuluhan sa kanyang puso, at personal nilang mai-ugnay ang sarili sa kwento.

Sa pagtitipon na ito at sa mga susunod pang mga pagtitipon, gagamit ka ng 10 segment o bahagi na mula sa pelikula na *Magdalena* upang higit pa ninyong makilala si Jesus. Narito ang mga pangunahing tema sa bawat segment ng pelikula:

1. Bawat Babae Kinikilala at Pinapahalagahan
2. Si Jesus: Higit pa sa isang Propeta
3. Kalayaan mula sa Pagkabihag
4. Ang Habag ni Jesus
5. Salungatan at Pagtatangi
6. Kagalingan at Pagpapanumbalik
7. Kahihiyan at Karangalan
8. Pagkakilala kay Jesus at ang Kanyang Kapatawaran
9. Hangarin na Tanggapin at Ibahagi si Jesus sa Iba
10. Pamumuhay na Kasama si Jesus

Sa mga susunod na linggo, ang iyong bagong grupo ay lalago sa kanilang pagkakaunawa kay Jesu-Cristo at sa kung ano ang ibig sabihin ng pagiging Kanyang tagasunod. Magkakaroon rin sila ng pagkakataon na maranasan kung ano ang buhay sa isang Kristiyanong komunidad.

Para sa bawat pagtitipon, ginagamit namin ang pamamaraang tinatawag na Tatlong-Katlo (Three-Thirds, 3/3) Pormat upang humikayat ng isang malalim na pagkakaibigan. Ang 3/3 Pormat ay isang praktikal na istraktura para sa isang grupo na nagbibigay ng isang maayos at tuloy-tuloy na mga gawain para sa inyong mga pagtitipon at naghahatid ng isang intensiyunal na mga pag-uusap, pagpapalakas ng loob, at paglago. Ito ay binubuo ng tatlong bahagi: Pagbabalik Tanaw, Pagtingala, at Pagtingin sa Hinaharap.

Paunawa: Ang *Isaalang-alang si Jesus* ay ginawa para maging isang template o batayan na tutulong sa iyo na maisakatuparan ang panawagan ng Diyos. **Maaari mong gamitin ang batayan na ito ayon sa pinakamagandang paraan na alinsunod sa pangangailangan ng iyong kultura!**

# TATLONG-KATLO (THREE – THIRDS)

Isang Proseso ng Pagsasanay sa mga Disipulo

## Pagbabalik TANAW

- **Pagmamalasakit**: Ibahagi ang iyong kalagayan. Magbahagi ng mga karanasan sa buhay at pinagmulan.
- **Pagsamba:** Sama-samang sumamba sa pamamagitan ng awit at panalangin.
- **Pagdiriwang ng Katapatan:** Ibahagi kung paano mo isinasabuhay ang iyong natutunan.
- **Pagbabahagi ng Pangitain:** Ibahagi kung paano binago ni Jesus ang iyong buhay. Palakasin ang loob ng bawat isa.

## PagTINGALA

- **Ipakita:** Panoorin ang mga segment ng pelikula ng dalawang beses. Sama-samang matuto sa isang bagong kwento na tungkol kay Jesus.
- **Ipahayag:** Hilingin sa isang kabahagi na isalaysay ang isang segment ng pelikula ayon sa kanyang sariling pangungusap.
- **Kumpletuhin:** Imbitahan ang iba na punan ang ilang kakulangan sa kwento.
- **Talakayin:** Talakayin ang mga tanong na pag-usapan hangga't kaya ng oras.

## Pagtingin sa HINAHARAP

- **Isabuhay:** Pagsumikapan kung paano mo maisasabuhay ang mga bagay na iyong natutunan.
- **Praktisin:** Isalaysay ang kwento sa bawat isa.
- **Ibahagi:** Talakayin mo kung kanino mo balak ibahagi ang kwento.
- **Manalangin:** Pasalamatan ang Diyos sa ating natutunan. Ipanalangin ang bawat isa at maging ang mga tao sa ating komunidad.

# Ika-apat na Hakbang

# 04

## Gawin ang susunod na hakbang

Ang huling aralin sa *Isaalang-alang si Jesus* ay tatalakay sa pamumuhay Kristiyano. Sa segment o bahaging ito, binabalik tanaw ni Maria ang mataas na panawagan at halagang kinakailangan sa pagsunod kay Jesus. Mahalagang magabayan ang bawat indibidwal sa iyong grupo para sa kanilang susunod na hakbang, yun ay, kung sila ay handa na. **Ito ay maaaring maging isang malaking pagkakataon para hikayatin ang isa o higit pang miyembro sa iyong grupo na magpasimula mismo ng kanilang sariling grupo gamit ang *Isaalang-alang si Jesus* at ibahagi rin sa iba ang kanilang natutunan.** Kung nais ng iyong grupo na ipagpatuloy ang iyong pagkikita, mungkahi namin na magpatuloy kayo sa isang bagong pag-aaral gaya ng *Rivka* o *Pagkakilala kay Jesus*. Makikita mo ang dagdag pang impormasyon tungkol sa dalawang pag-aaral na ito sa ibaba:

*Rivka* Impormasyong Pahina:
www.jesusfilm.org/partners/resources/strategies/women/gather-and-grow/

*Knowing Jesus* Impormasyong Pahina:
www.jesusfilm.org/partners/resources/strategies/knowing-jesus/

*Knowing Jesus* Promosyunal na Video:
www.youtube.com/watch?v=MkYpNK5OvKk

# MABILIS NA SANGGUNIANG GABAY PARA SA LIDER

## Paano isagawa ang pag-aaral sa mga segment

Ang pelikulang *Magdalena* ay nahahati sa ilang mga segment upang higit na mapag-aralan ang mga sandali sa buhay ni Maria na kung saan nasaksihan niya ang makapangyarihang pananagumpay ni Jesus sa makasalanang kalagayan ng isang makasalanan. Ang pinakamainam na paraan para magabayan ka sa iyong mausisang pag-aaral ay ang isa-isang suriin ang mga segment o bahagi sa ibinigay sa pormat.

Hindi kinakailangan na talakayin ang lahat ng tanong sa bawat linggo. Ang susi sa pagtitipon ay ang hayaan ang mga miyembro ng iyong grupo na malaya nilang talakayin ang mga bagay na naipapakita sa mga segment ng pelikula tungkol sa kung sino si Jesus at sa pagbabagong nangyari kay Maria. Iyo ring tungkulin bilang facilitator na lumikha ng isang lugar na ligtas at kaaya-aya para sa iyong grupo. At para mangyari ito, bahagi ng iyong gampanin ang makinig at gumabay. Ang pagtitipon na ito ay para magkaroon ng talakayan ang *grupo* at hindi upang makinig ng pangangaral ng mula sa isang tinig lamang.

Para ma-access ang mga clips, pumunta sa Jesus Film Project app at gamitin ang search bar roon upang makita ang bawat segment gamit ang kanyang mga pamagat na makikita mo sa ibaba na naka-italiko. O kaya naman, hanapin mo ang mga ito sa website ng Jesus Filim Project na matatagpuan sa jesusfilm.org/watch.

## Narito ang mga indibidwal na segment na mula sa pelikula na *Magdalena* na siyang ginamit sa pag-aaral na ito:

**Aralin 1:** Bawat Babae ay Kinikilala at Pinapahalagahan (Segment: *Si Maria Magdalena ay Pumunta sa Bahay ni Rivka*).
**Aralin 2:** Si Jesus: Higit pa sa Isang Propeta (Segment: *Anunsyo kay Maria*).
**Aralin 3:** Kalayaan mula sa Pagkabihag (Segment: *Si Maria Magdalena ay Pinalaya mula sa kapangyarihan ng mga Demonyo*).
**Aralin 4:** Ang Habag ni Jesus (Segment: *Binuhay ni Jesus ang Anak ng isang Balo*).
**Aralin 5:** Salungatan at Pagtatangi (Segment: *Ang Babae sa Tabi ng isang Balon*).
**Aralin 6:** Kagalingan at Pagpapanumbalik (Segment: *Ang Babaeng Dinudugo*).
**Aralin 7:** Kahihiyan at Karangalan (Segment: *Pinatawad ang Babaeng Mangangalunya*).
**Aralin 8:** Ang Kamatayan ni Jesus at ang Kanyang Pagkabuhay (Segment: *Ipinaliwanag ni Maria ang Kamatayan at Pagkabuhay ni Jesus*).
**Aralin 9:** Pagkakilala kay Jesus at ang Kanyang Kapatawaran (Segment: *Sumampalataya si Rivka*).
**Lesson 10:** Pamumuhay na kasama si Jesus (Segment: *Pamumuhay Bilang Kristiyano*).

***Aming dalangin na pagpalain ka ng Diyos habang nagtitiwala ka sa Kanya na gagamitin ka sa pagpapalawak ng Kanyang kaharian.***

# Aralin 1 Bawat Babae ay Kinikilala at Pinapahalagahan

## Si Maria Magdalena ay pumunta sa bahay ni Rivka (Awit 139)

Pagbabalik tanaw

### Pagmamalasakit
- Ibahagi ang iyong kalagayan.
- Isabuhay ang pagbibigay.

### Pagsamba
- Sama-samang sumamba sa pamamagitan ng awit at panalangin.

### Pagdiriwang ng Katapatan
- Palakasin ang loob ng isa't-isa sa pamamagitan ng mga tagumpay na naranasan.

### Pagbabahagi ng Pangitain
- Palakasin ang loob ng isa't-isa na maging matapat Mga tagasunod ni Cristo.

---

Pagtingala

Sa gitna ng isang disyerto, ang Diyos ay may kinatagpong isang babaeng alipin na naliligaw, nag-iisa, at pinalayas; ang pangalan niya ay Hagar. Ang sabi ng Biblia, "Kaya't tinawag niya si Yahweh nang ganito: 'Ikaw ang Diyos na Nakakakita,' sapagkat ang sabi niya, 'Tunay na dito ko nakita Siya na Nakakakita sa Akin.'" (Genesis 16:13-14, MBB). At ngayon nga sa sandaling ito, pasisimulan nating sama-sama ang isang paglalakbay na kung saan matututunan natin ang Diyos na tunay na nakakakita at nakakaunawa sa bawat isa sa atin.

**Hakbang 1: Ipakita.** Panoorin ang segment ng dalawang beses.
**Hakbang 2: Ipahayag.** Hilingin sa isang kabahagi na isalaysay ang isang segment ng pelikula ayon sa kanyang sariling pangungusap.
**Hakbang 3: Kumpletuhin.** Hayaan ang grupo na punan ang ilang kakulangan sa kwento o kaya'y magbigay ng mga koreksyon.
**Hakbang 4: Talakayin.** Talakayan ng Grupo. Paunawa: Hindi kinakailangan na ubusin o kumpletuhin ang lahat ng mga tanong.

*1. Ano ang pinaka nagustuhan mo sa kwento? Ano ang nakakuha ng iyong atensyon?*
*2. Sa palagay mo, bakit nag-alinlangan si Rivka na siya'y minamahal at nakikilala ng Diyos?*
*3. Maraming tao ngayon na nagsasalita tungkol sa Diyos. Paano natin malalaman ang talagang iniisip at nadarama ng Diyos tungkol sa atin?*
*4. Basahin ang Awit 139:1-18. Ano ang sinasabi rito ni propeta David tungkol sa kung gaano tayo kakilala ng Diyos?*

Gamitin ang QR code na ito upang panoorin ang segment sa iyong wika gamit ang iyong smart device.

**Pagpapalalim (higit pang talakayan hangga't may oras)…**
*5. Ano ang pakiramdam mo ngayong naunawaan mo na ang Diyos pala ay nakakakita at nakakaunawa sa lahat ng iyong pagkatao?*
*6. Isinulat ni David na ang Diyos ay may kaalaman tungkol sa lahat ng bagay sa ating buhay, gayunma'y matapat pa rin Siya sa pagmamahal at paggabay sa atin, at lagi Siyang sumasaatin. Ngunit, sa palagay mo, bakit hirap tayong paniwalaan ito?*

### Konklusyon
Pagbulayan kung ano ang kahulugan ng ganap na makilala at ibigin ng iyong Manlilikha. Paano kung ang bawat bahagi ng iyong buhay at pagkatao ay nakikita, napapangalagaan, at pinapahalagahan? Si Jesus ay may handog na kapatawaran para sa lahat ng iyong mga kabiguan at Siya'y may layunin para sa iyong buhay. Siya ay nangako ng buhay na walang hanggan at nagkakaloob ng namamalaging presensya sa lahat ng taong lalapit sa Kanya. Ikaw ay nilikha ayon sa wangis ng Diyos. Ikaw ay mayroong dangal at mayroong halaga sapagkat ikaw ay nilikha ayon sa wangis ng iyong Manlilikha (Genesis 1:26-27). Isaalang-alang mo si Jesus.

---

Pagtingin sa Hinaharap

### Isabuhay
- Paano ipinahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili na mapagkakatiwalaan?
- Paano mo isasabuhay ang iyong natutunan tungkol sa Diyos?

### Praktisin
- Praktisin na isalaysay ang kwento sa bawat isa.

### Ibahagi
- Kanino mo ibabahagi ang kwentong ito?

### Manalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa iyong natutunan.
- Ipanalangin ang isa't-isa.
- Ipanalangin ang mga tao sa inyong komunidad.

# Aralin 2 Si Jesus: Higit pa sa Isang Propeta
## Anunsyo kay Maria (Lukas 1:26–37)

Pagbabalik tanaw

### Pagmamalasakit
- Ibahagi ang iyong kalagayan.
- Isabuhay ang pagbibigay.

### Pagsamba
- Sama-samang sumamba sa pamamagitan ng awit at panalangin.

### Pagdiriwang ng Katapatan
- Palakasin ang loob ng isa't-isa sa pamamagitan ng mga tagumpay na naranasan.

### Pagbabahagi ng Pangitain
- Palakasin ang loob ng isa't-isa na maging matapat Mga tagasunod ni Cristo.

---

Pagtingala

Ilang daang taon, bago dumating si Jesus, si propetang Isaias ay may ipinahayag na propesiya sa Israel gamit ang isang tanda: ang birhen ay maglilihi at manganganak ng isang lalaki (Isaias 7:14). Ang Anak na ito ay walang iba kundi si Jesus. Siya'y ganap na nagpakumbaba at naging pinaka mapagpakumbaba sa lahat ng nilalang: Siya'y naging sanggol. Dinanas Niya ang pagiging isang tao sa ganap na kaparaanan, upang ipakita na hindi lamang Siya ganap na Diyos kundi ganap na tao rin. Kusang-loob Niyang dinanas ang mga pasakit, karamdaman, gutom, uhaw, kalungkutan, at pananakit upang maibalik tayo sa pakikipag-relasyon sa Kanya. Ang nang si Jesus ay isinilang, Siya ay isinilang ng isang birhen: ang birheng Maria.

**Hakbang 1: Ipakita.** Panoorin ang segment ng dalawang beses.
**Hakbang 2: Ipahayag.** Hilingin sa isang kabahagi na isalaysay ang isang segment ng pelikula ayon sa kanyang sariling pangungusap.
**Hakbang 3: Kumpletuhin.** Hayaan ang grupo na punan ang ilang kakulangan sa kwento o kaya'y magbigay ng mga koreksyon.
**Hakbang 4:** Talakayin. Talakayan ng Grupo. Pagtalakay ng mga tanong.

Gamitin ang QR code na ito upang panoorin ang segment sa iyong wika gamit ang iyong smart device.

*1. Ano ang pinaka nagustuhan mo sa kwento? Ano ang nakakuha ng iyong atensyon?*
*2. Ano sa palagay mo ang naramdaman ni Maria noong marinig niya ang mensahe ng anghel? Ano ang mararamdaman mo kung ikaw mismo ang nakatanggap ng gayong balita?*
*3. Ang sabi ng anghel, "Walang imposible sa Diyos." Anong bagay sa buhay mo ngayon na nadarama mong imposibleng mangyari?*
*4. Ano ang ibig sabihin ng anghel na ang sanggol ay tatawaging "Anak ng Diyos"?*

**Pagpapalalim (higit pang talakayan hangga't may oras)...**
*5. Sa palagay mo, bakit mahalagang si Jesus ay maipanganak ng isang birhen?*

### Konklusyon
Pagbulayan ang kahanga-hangang kapanganakan ni Jesus. Siya ay parehas na ganap na Diyos at ganap na tao. Siya ay parehas na Manlilikha ng sanlibutan at isang tao. Sa Kanya, maaari tayong makatagpo ng ugnayan at nag-iisang Tagapagligtas na ating dapat pagtiwalaan. Isaalang-alang mo si Jesus.

---

Pagtingin sa Hinaharap

### Isabuhay
- Paano ipinahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili na mapagkakatiwalaan?
- Paano mo isasabuhay ang iyong natutunan tungkol sa Diyos?

### Praktisin
- Praktisin na isalaysay ang kwento sa bawat isa.

### Ibahagi
- Kanino mo ibabahagi ang kwentong ito?

### Manalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa iyong natutunan.
- Ipanalangin ang isa't-isa.
- Ipanalangin ang mga tao sa inyong komunidad.

# Aralin 3 Kalayaan mula sa Pagkabihag

## Si Maria Magdalena ay Pinalaya mula sa kapangyarihan ng mga Demonyo

(Lukas 8:1–2)

Pagbabalik tanaw

### Pagmamalasakit

- Ibahagi ang iyong kalagayan.
- Isabuhay ang pagbibigay.

### Pagsamba

- Sama-samang sumamba sa pamamagitan ng awit at panalangin.

### Pagdiriwang ng Katapatan

- Palakasin ang loob ng isa't-isa sa pamamagitan ng mga tagumpay na naranasan.

### Pagbabahagi ng Pangitain

- Palakasin ang loob ng isa't-isa na maging matapat Mga tagasunod ni Cristo.

---

Pagtingala

Ang human trafficking, adiksyon, at yaong tinatawag na escapism, ay ilan sa maraming uri ng pang-aalipin na nagkalat sa ating lipunan ngayon. Nagtuturo ang Biblia na ang sangkatauhan ay alipin ng kasalanan, subalit ito rin ay nagtuturo na mayroong kalayaang matatagpuan. Sa kwentong ito ay mapapanood natin si Maria; isang dating alipin at sinasapian ng demonyo, subalit natagpuan niya ang awtoridad at kapangyarihan ni Jesus.

**Hakbang 1: Ipakita.** Panoorin ang segment ng dalawang beses.
**Hakbang 2: Ipahayag.** Hilingin sa isang kabahagi na isalaysay ang isang segment ng pelikula ayon sa kanyang sariling pangungusap.
**Hakbang 3: Kumpletuhin.** Hayaan ang grupo na punan ang ilang kakulangan sa kwento o kaya'y magbigay ng mga koreksyon.
**Hakbang 4:** Talakayin. Talakayan ng Grupo. Pagtalakay ng mga tanong.

*1. Ano ang pinaka nagustuhan mo sa kwento? Ano ang nakakuha ng iyong atensyon?*
*2. Paanong ang pagkaka-alipin ni Maria ay personal na naka-apekto sa kanya at sa kanyang komunidad?*
*3. Anong naging tugon ni Jesus kay Maria na nagpapahayag ng tungkol sa kung sino Siya?*
*4. Paano nagbago ang buhay ni Maria matapos siyang palayain ni Jesus?*

**Pagpapalalim (higit pang talakayan hangga't may oras)…**
*5. Bakit kapansin-pansin na kilala ng mga demonyo si Jesus at tinawag Siyang "ang Banal ng Diyos?"*
*6. Ano sa palagay mo ang inisip ng mga nanonood sa pangyayaring iyon matapos nilang makita na pinalaya ni Jesus si Maria?*
*7. Ipagpalagay mo ang iyong sarili na si Maria. Ano ang mararamdaman mo sa tagpong iyon sa harapan ni Jesus?*

Gamitin ang QR code na ito upang panoorin ang segment sa iyong wika gamit ang iyong smart device.

### Konklusyon

Pagbulayan mo ang kalayaang naranasan ni Maria sa kwento. Alalahanin mo ang tanglaw sa kanyang mga mata matapos niyang maranasan ang kalayaan, ang magkaroon ng pahayag ng taus-pusong pasasalamat, at ang pagbabagong naganap sa kanyang buhay. Masasabi mo bang ang babaeng ito ay parehas pa rin sa kanyang unang kalagayan sa pasimula ng segment? Isipin mo rin ang pagpapalaya na gagawin sa iyo ni Jesus mula sa iyong pagkaka-alipin at pagkakabihag. Sa paanong paraan mo nais maranasan ang bagong buhay? Nawa'y hayaan mo Siyang pasanin ang iyong mga kabigatan sa buhay at sumunod ka sa Kanya. Isaalang-alang mo si Jesus.

---

Pagtingin sa Hinaharap

### Isabuhay

- Paano ipinahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili na mapagkakatiwalaan?
- Paano mo isasabuhay ang iyong natutunan tungkol sa Diyos?

### Praktisin

- Praktisin na isalaysay ang kwento sa bawat isa.

### Ibahagi

- Kanino mo ibabahagi ang kwentong ito?

### Manalangin

- Pasalamatan ang Diyos sa iyong natutunan.
- Ipanalangin ang isa't-isa.
- Ipanalangin ang mga tao sa inyong komunidad.

## Aralin 4 Ang Habag ni Jesus

### Binuhay ni Jesus ang Anak ng Isang Balo (Lukas 7:11–17)

Pagbabalik tanaw

### Pagmamalasakit
- Ibahagi ang iyong kalagayan.
- Isabuhay ang pagbibigay.

### Pagsamba
- Sama-samang sumamba sa pamamagitan ng awit at panalangin.

### Pagdiriwang ng Katapatan
- Palakasin ang loob ng isa't-isa sa pamamagitan ng mga tagumpay na naranasan.

### Pagbabahagi ng Pangitain
- Palakasin ang loob ng isa't-isa na maging matapat Mga tagasunod ni Cristo.

---

Pagtingala

Ang pagdadalamhati ay itinuturing na isang malalim na kalungkutan, lalo't kapag may isang mahal sa buhay na namatay. Sa kwentong ito, isang balo ang nagdadalamhati sapagkat ang kanyang anak ay namatay. Nasaksihan ni Maria si Jesus na kumilos para sa babaeng iyon at tinugunan ang pangangailangan ng kanyang puso. Sa tagpong ito, nagpasya si Jesus na pagalingin ang kanyang nag-iisang anak— at yun nga, ibinalik sa kanya ni Jesus ang napakahalagang kayamanan sa kanyang buhay, ang kanyang anak. At bagamat hindi ito laging pasyang gawin ni Jesus sa bawat isa sa atin, makakaasa naman tayo sa Kanyang namamalaging presensya sa bawat kalagayan, maging sa panahon ng napakatinding kalungkutan.

**Hakbang 1: Ipakita.** Panoorin ang segment ng dalawang beses.
**Hakbang 2: Ipahayag.** Hilingin sa isang kabahagi na isalaysay ang isang segment ng pelikula ayon sa kanyang sariling pangungusap.
**Hakbang 3: Kumpletuhin.** Hayaan ang grupo na punan ang ilang kakulangan sa kwento o kaya'y magbigay ng mga koreksyon.
**Hakbang 4:** Talakayin. Talakayan ng Grupo. Pagtalakay ng mga tanong.

*1. Ano ang pinaka nagustuhan mo sa kwento? Ano ang nakakuha ng iyong atensyon?*
*2. Tumigil si Jesus sa Kanyang ginagawa upang kausapin ang balo. Ano sa palagay mo ang ipinapakita nito tungkol sa puso ni Jesus?*
*3. Ano ang sinasabi ng tagpong ito tungkol kay Jesus na Siyang may kakayahang bumuhay ng patay?*
*4. Nalagay ka na ba sa isang sitwasyon na kung saan ay wala ka ng pag-asa?*

**Pagpapalalim (higit pang talakayan hangga't may oras)...**
*5. Paano tumugon ang mga tao na binuhay ni Jesus ang patay na bata? Paano tumugon ang balo?*
*6. Mayroon bang anuman o sinuman sa buhay mo ngayon na nagdudulot sa iyo ng dalamhati? Kung mayroon, handa ka bang magtiwala sa tulong ng Diyos para sa iyong matinding kalungkutan?*

Gamitin ang QR code na ito upang panoorin ang segment sa iyong wika gamit ang iyong smart device.

### Konklusyon
Tanging ang Diyos lamang ang makapagbibigay ng hininga sa patay. Pagbulayan mo ang katotohanan na si Jesus ay Diyos. Magagawa Niya at ginawa Niya na bumuhay ng patay, hindi lamang sa tagpong ito kundi sa tatlong beses na pangyayari sa buong panahon ng Kanyang ministeryo. Kaya hindi lamang Siya makapangyarihan, kundi mahabagin at puspos na kahinahunan at kaaliwan. Isaalang-alang mo si Jesus.

---

Pagtingin sa Hinaharap

### Isabuhay
- Paano ipinahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili na mapagkakatiwalaan?
- Paano mo isasabuhay ang iyong natutunan tungkol sa Diyos?

### Praktisin
- Praktisin na isalaysay ang kwento sa bawat isa.

### Ibahagi
- Kanino mo ibabahagi ang kwentong ito?

### Manalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa iyong natutunan.
- Ipanalangin ang isa't-isa.
- Ipanalangin ang mga tao sa inyong komunidad.

# Aralin 5 Salungatan at Pagtatangi
## Ang Babae sa Tabi ng Balon (Juan 4:1–42)

Pagbabalik tanaw

### Pagmamalasakit
- Ibahagi ang iyong kalagayan.
- Isabuhay ang pagbibigay.

### Pagsamba
- Sama-samang sumamba sa pamamagitan ng awit at panalangin.

### Pagdiriwang ng Katapatan
- Palakasin ang loob ng isa't-isa sa pamamagitan ng mga tagumpay na naranasan.

### Pagbabahagi ng Pangitain
- Palakasin ang loob ng isa't-isa na maging matapat Mga tagasunod ni Cristo.

---

Pagtingala

Naranasan mo na bang husgahan at maliitin ng ibang tao? Sa kwentong ito, pinanood ni Maria ang babaeng Samaritana na araw-araw na naglalakad patungo sa isang balon. Ang babaeng ito ay nilalayuan ng mga tao. Kaya para hindi siya makita at makasalubong ng mga tao sa daan, naglalakad siya sa ilalim ng matinding sikat ng araw sa katanghaliang-tapat. Ngunit isang araw nang siya'y makarating sa balon, gayon na lamang ang kanyang pagkadismaya nang may naabutan siya roon na isang lalaki. At ang lalaking ito ay hindi lang basta-bastang lalaki, kundi isang Judío. Ang mga Samaritano ay nagmula sa pinaghalong dugong Judio at Di-Judio na may pinaghalong paniniwala mula sa dalawang lahi. Ang mga Judio at Samaritano ay may malaking alitan sa isa't-isa; subalit bawat lahi ay parehas na umaasa sa pagdating ng Messias o sa Tagapagligtas na maghahatid ng kapatawaran sa mga kasalanan. Kaya isipin mo ang pagkagulat ng babaeng ito ng makita niya ang lalaking si Jesus na binalewala ang namamagitang kultural na alitan at ito'y nakipag-usap sa kanya. At sa katapusan ng kwento, ang nilalayuang babaeng ito ang siyang kauna-unahang tao sa lugar na iyon na pinagpahayagan ni Jesus ng Kanyang sarili bilang Messias.

**Hakbang 1: Ipakita.** Panoorin ang segment ng dalawang beses.
**Hakbang 2: Ipahayag.** Hilingin sa isang kabahagi na isalaysay ang isang segment ng pelikula ayon sa kanyang sariling pangungusap.
**Hakbang 3: Kumpletuhin.** Hayaan ang grupo na punan ang ilang kakulangan sa kwento o kaya'y magbigay ng mga koreksyon.
**Hakbang 4:** Talakayin. Talakayan ng Grupo. Pagtalakay ng mga tanong.

Gamitin ang QR code na ito upang panoorin ang segment sa iyong wika gamit ang iyong smart device.

*1. Ano ang pinaka nagustuhan mo sa kwento? Ano ang nakakuha ng iyong atensyon?*
*2. Bakit kapansin-pansin at mahalaga na alam ni Jesus ang nakaraan ng babaeng ito?*
*3. Ano sa palagay mo ang naramdaman ng babae ng sinabi sa kanya ni Jesus ang kalagayan ng kanyang buhay at ang mga nakaraan niyang mga kasalanan?*
*4. Nang makita ng mga alagad na si Jesus ay nakikipag-usap sa babaeng Samaritana, paano nakita sa kanilang reaksyon ang kanilang pagtatangi? Ngunit ano ang ipinapakita nito sa atin tungkol kay Jesus?*

**Pagpapalalim (higit pang talakayan hangga't may oras)…**
*5. "Sa palagay mo, ano ang nais ituro ni Jesus sa Kanyang mga tagasunod sa kwentong ito?"*
*6. Ano ang ginawa ng babae nang sinasabi sa kanya ni Jesus na Siya ang ipinangakong Messias?*

### Konklusyon
Pag-isipan mo ang ibig sabihin na alam ni Jesus ang iyong nakaraan: Oo maging ang iyong mga maling kapasyahan na nagawa, bawat nakakahiyang mga sandali, at lahat ng iyong mga kahihiyan. At matapos iyan, pagbulayan mo ang katotohanan na sa kabila ng lahat ng iyan na hindi nalilihim sa Kanyang harapan, tinitingnan ka Niya pa rin ng may dangal at dignidad. At hindi lamang ikaw kundi maging ang mga taong iyong kinamumuhian. Nawa'y pagbulayan mo ang Kanyang hangarin na makilala Siya ng lahat ng tao. Isaalang-alang mo si Jesus.

---

Pagtingin sa Hinaharap

### Isabuhay
- Paano ipinahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili na mapagkakatiwalaan?
- Paano mo isasabuhay ang iyong natutunan tungkol sa Diyos?

### Praktisin
- Praktisin na isalaysay ang kwento sa bawat isa.

### Ibahagi
- Kanino mo ibabahagi ang kwentong ito?

### Manalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa iyong natutunan.
- Ipanalangin ang isa't-isa.
- Ipanalangin ang mga tao sa inyong komunidad.

## Aralin 6 **Kagalingan at Pagpapanumbalik**
### **Ang Babaeng Dinudugo** (Lukas 8:40–48)

Pagbabalik tanaw

### Pagmamalasakit
- Ibahagi ang iyong kalagayan.
- Isabuhay ang pagbibigay.

### Pagsamba
- Sama-samang sumamba sa pamamagitan ng awit at panalangin.

### Pagdiriwang ng Katapatan
- Palakasin ang loob ng isa't-isa sa pamamagitan ng mga tagumpay na naranasan.

### Pagbabahagi ng Pangitain
- Palakasin ang loob ng isa't-isa na maging matapat Mga tagasunod ni Cristo.

---

Pagtingala

Nakadama ka na ba ng desperasyon na sana'y maalis na ang ilang mga pisikal at emosyunal na sugat sa iyong buhay, na anupa't sinubukan mo na ang lahat ng mga paraan upang ayusin o alisin ito? Dito sa kwento, sa pag-aakalang hindi siya mapapansin, naniwala ang babae na kung mahipo lang niya ang laylayan ng damit ni Jesus, siya ay gagaling na mula sa kanyang pagdurugo na lumala lang sa paglipas ng mga taon gamit ang iba't ibang paraan ng paggamot. Ang kanyang pagdurugo ang naglagay sa kanya sa kalagayan na mailayo at bansagang isang marumi alinsunod sa tuntunin ng kautusan noong panahong iyon. Subalit sa gitna ng karamihan, nagpasya siyang hipuin ang damit ni Jesus habang si Maria at ang iba pa ay nakatayong katabi ni Jesus. Alamin mo kung ano ang nangyari.

**Hakbang 1: Ipakita.** Panoorin ang segment ng dalawang beses.
**Hakbang 2: Ipahayag.** Hilingin sa isang kabahagi na isalaysay ang isang segment ng pelikula ayon sa kanyang sariling pangungusap.
**Hakbang 3: Kumpletuhin.** Hayaan ang grupo na punan ang ilang kakulangan sa kwento o kaya'y magbigay ng mga koreksyon.
**Hakbang 4:** Talakayin. Talakayan ng Grupo. Pagtalakay ng mga tanong.

*1. Ano ang pinaka nagustuhan mo sa kwento? Ano ang nakakuha ng iyong atensyon?*
*2. Bakit kaya kinailangan ni Jesus na ipakita kung sino ang babae sa gitna ng karamihan?*
*3. Bakit kapansin-pansin ang tugon ni Jesus sa pahayag ng babae?*
*4. Ipagpalagay mo na ikaw ang babae sa kwento. Ano kaya ang pakiramdam na maranasan mo ang kagalingan sa kauna-unahang pagkakataon at ano ang mararamdaman mo kay Jesus?*

**Pagpapalalim (higit pang talakayan hangga't may oras)…**
*5. Ano ang ibig sabihin na magagawa ni Jesus ang bagay na hindi kayang gawin ng iba?*
*6. Ano kaya sa palagay mo ang kalagayan ng buhay ng babae noong hindi pa niya natatagpuan si Jesus?*

Gamitin ang QR code na ito upang panoorin ang segment sa iyong wika gamit ang iyong smart device.

### Konklusyon
Sa gitna ng maraming tao, sinikap na abutin at hipuin ng babae ang laylayan ng damit ni Jesus. At nang mahipo niya ito, nakadama siya ng kagalingan sa kanyang katawan. Siya'y gumaling! Isipin mo ang kaginhawahan at taus-pusong pasasalamat na kanyang naramdaman. Ang sabi ni Jesus, "Anak, pinagaling ka ng iyong pananampalataya. Humayo kang payapa." Pag-isipan mo ang pangungusap na ito ni Jesus. Sinabi Niya ito matapos ang pahayag ng babae. Sa harapan ng maraming tao na binansagan siyang marumi, siya'y tinawag ni Jesus na anak at pinarangalan ang kanyang pananampalataya. Si Jesus ay nagmamalasakit sa ating mga nararamdamang kasakitan at hapdi. Hangad Niyang katagpuin tayo sa ating mga kahiya-hiya at wasak na kalagayan. Isaalang-alang mo si Jesus.

---

Pagtingin sa Hinaharap

### Isabuhay
- Paano ipinahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili na mapagkakatiwalaan?
- Paano mo isasabuhay ang iyong natutunan tungkol sa Diyos?

### Praktisin
- Praktisin na isalaysay ang kwento sa bawat isa.

### Ibahagi
- Kanino mo ibabahagi ang kwentong ito?

### Manalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa iyong natutunan.
- Ipanalangin ang isa't-isa.
- Ipanalangin ang mga tao sa inyong komunidad.

# Aralin 7 Kahihiyan at Karangalan

## Pinatawad ang Babaeng Mangangalunya (Juan 8:1–11)

Pagbabalik tanaw

### Pagmamalasakit
- Ibahagi ang iyong kalagayan.
- Isabuhay ang pagbibigay.

### Pagsamba
- Sama-samang sumamba sa pamamagitan ng awit at panalangin.

### Pagdiriwang ng Katapatan
- Palakasin ang loob ng isa't-isa sa pamamagitan ng mga tagumpay na naranasan.

### Pagbabahagi ng Pangitain
- Palakasin ang loob ng isa't-isa na maging matapat Mga tagasunod ni Cristo.

---

Pagtingala

Ang mga pinuno ng relihiyon noong panahon ni Jesus ay nakapokus sa mga partikular na tuntunin at regulasyon na tinatawag na "Kautusan ni Moises." Kailangang perpektong tuparin ng mga tao ang Kautusan upang sila'y magkaroon ng relasyon sa Diyos. Subalit walang sinuman sa atin ang may kakayahan na tuparin ang mga hinihingi ng Kautusan sapagkat mayroon tayong parehas na problema: kasalanan. Sa wikang Hebreo, ang kasalanan ay nangangahulugan ng "kabiguan" o kaya'y "kabiguang marating o tamaan ang isang layunin." Sa ilalim ng mga tuntunin ng Kautusan, lahat tayo ay may sala at karapat-dapat sa kamatayan. At kung wala tayong Tagapagligtas, lahat tayo ay hahantong sa kaparusahan. Subalit dumating si Jesus sa sanlibutan at inialay ang Kanyang buhay upang bayaran ang ating mga pagkakasala. Sa kwentong ito, matutunghayan mo ang isang makasalanang babae na dinala kay Jesus. Alamin mo kung ano ang nangyari.

**Hakbang 1: Ipakita.** Panoorin ang segment ng dalawang beses.
**Hakbang 2: Ipahayag.** Hilingin sa isang kabahagi na isalaysay ang isang segment ng pelikula ayon sa kanyang sariling pangungusap.
**Hakbang 3: Kumpletuhin.** Hayaan ang grupo na punan ang ilang kakulangan sa kwento o kaya'y magbigay ng mga koreksyon.
**Hakbang 4:** Talakayin. Talakayan ng Grupo. Pagtalakay ng mga tanong.

*1. Ano ang pinaka nagustuhan mo sa kwento? Ano ang nakakuha ng iyong atensyon?*
*2. Ayon sa Kautusan, ang lalaki at babae na mahuli sa pangangalunya ay dapat na parusahan, ngunit ang babae lamang ang siyang dinala sa harapan ni Jesus. Sa palagay mo, bakit kaya ang babae lang ang dinala upang hatulan?*
*3. Bakit parehas na kapansin-pansin at mahalaga ang naging tugon ni Jesus sa mga relihiyosong pinuno at sa babae?*
*4. Ano kaya sa palagay mo ang naramdaman ng babae ng marinig niya kay Jesus, "Hindi rin kita hahatulan?"*

Gamitin ang QR code na ito upang panoorin ang segment sa iyong wika gamit ang iyong smart device.

**Pagpapalalim (higit pang talakayan hangga't may oras)…**
*5. Sa palagay mo, bakit naging ganon ang tugon ni Jesus? Ano sa palagay mo ang nais Niyang maunawaan nila?*
*6. Kung ikaw ay nasa kalagayan ng mga relihiyosong pinuno, ano kaya ang magiging tugon mo sa sinabi ni Jesus?*

### Konklusyon
Pagbulayan ang paraan ng pagtugon ni Jesus sa babae at sa mga pinuno ng relihiyon. Alam Niya na ang babae ay dinala sa Kanya ng mga tao hindi dahil sa nagmamalasakit sila rito kundi nais nilang ipahiya ang babae at gawing isang patibong kay Jesus. Ngunit hindi Niya pinuri ang ginawa ng babae at hindi rin Niya kinampihan ang sinasabi ng mga pinuno ng relihiyon. Sa halip, parehas Niyang hinatid ang bawat isa sa kanila sa kumbiksyon. Pansinin mo kung paanong hinatid ng puso ni Jesus ang dalawang partido sa pagsisisi. Kaya ni Jesus na magpatawad ng mga kasalanan – bagay na Diyos lamang ang Siyang makagagawa—sapagkat Siya ay Diyos. Kapag pinili nating maging tagasunod ni Jesus, tayo'y Kanyang pinapatawad at binibigyan ng bagong buhay. Isaalang-alang mo si Jesus.

---

Pagtingin sa Hinaharap

### Isabuhay
- Paano ipinahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili na mapagkakatiwalaan?
- Paano mo isasabuhay ang iyong natutunan tungkol sa Diyos?

### Praktisin
- Praktisin na isalaysay ang kwento sa bawat isa.

### Ibahagi
- Kanino mo ibabahagi ang kwentong ito?

### Manalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa iyong natutunan.
- Ipanalangin ang isa't-isa.
- Ipanalangin ang mga tao sa inyong komunidad.

# Aralin 8 Ang Kamatayan ni Jesus at ang Kanyang Pagkabuhay
## Ipinaliwanag ni Magdalena ang Kamatayan at Pagkabuhay ni Jesus
**(Mateo 27–28)**

Pagbabalik tanaw

### Pagmamalasakit
- Ibahagi ang iyong kalagayan.
- Isabuhay ang pagbibigay.

### Pagsamba
- Sama-samang sumamba sa pamamagitan ng awit at panalangin.

### Pagdiriwang ng Katapatan
- Palakasin ang loob ng isa't-isa sa pamamagitan ng mga tagumpay na naranasan.

### Pagbabahagi ng Pangitain
- Palakasin ang loob ng isa't-isa na maging matapat Mga tagasunod ni Cristo.

---

Pagtingala

Noong gabi ng kamatayan ni Jesus, may mga babae na nagmamadaling umuwi ng bahay upang maghanda ng mga langis at pampabango upang gamitin para sa paglilibing sa katawan ni Jesus. Kinabukasan, nagpahinga muna sila sapagkat araw ng Sabbath at umasang sa susunod na araw ay makakabalik sila sa nakalibing na katawan ng Panginoon. Habang kanilang inaalala ang mga palo at latigo na tinanggap ni Jesus, dumaloy ang luha sa kanilang mga mata at ang puso nila'y lubos na nasasaktan sa tuwing bumabalik sa kanilang gunita ang kamatayan ni Jesus. Ang kanilang pinakamamahal na kaibigan, ang kanilang tagapagtanggol, at ang kanilang Hari ay patay na.

**Hakbang 1: Ipakita.** Panoorin ang segment ng dalawang beses.
**Hakbang 2: Ipahayag.** Hilingin sa isang kabahagi na isalaysay ang isang segment ng pelikula ayon sa kanyang sariling pangungusap.
**Hakbang 3: Kumpletuhin.** Hayaan ang grupo na punan ang ilang kakulangan sa kwento o kaya'y magbigay ng mga koreksyon.
**Hakbang 4:** Talakayin. Talakayan ng Grupo. Pagtalakay ng mga tanong.

*1. Ano ang pinaka nagustuhan mo sa kwento? Ano ang nakakuha ng iyong atensyon?*
*2. Bakit napakahalaga na ang kamatayan ni Jesus ay ipinahayag na ng mga propeta sa Lumang Tipan?*
*3. Binanggit ni Maria ang sumpa ng kasalanan at kamatayan. Ngunit paanong ang kamatayan ni Jesus at ang Kanyang muling pagkabuhay ay nagtagumpay sa dalawang ito?*
*4. Sinabi ni Maria kay Rivka, "Ikaw ay minamahal na anak." Paanong ang kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus ay nagpapakita na tayo ay minamahal ng Diyos?*

**Pagpapalalim (higit pang talakayan hangga't may oras)…**
*5. Bakit napakahalaga na si Jesus ay nagpakita kay Maria at sa mga alagad sa makailang ulit na pagkakataon matapos ang Kanyang kamatayan?*
*6. Sama-samang basahin ang Awit 22. Anong mga talata ang nagpapatibay na si Jesus ang Messias?*
*7. May tatlong araw sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus. Ano sa tingin mo ang naramdaman ng mga alagad noong namatay si Jesus?*

Gamitin ang QR code na ito upang panoorin ang segment sa iyong wika gamit ang iyong smart device.

### Konklusyon
Pagbulayan mo ang sinabi ni propeta Isaias, "Ngunit dahil sa ating mga kasalanan kaya siya nasugatan; siya ay binugbog dahil sa ating kasamaan. Tayo ay gumaling dahil sa pahirap na dinanas niya at sa mga hampas na kanyang tinanggap" (Isaias 53:5, MBB). Mahal at pinapahalagahan ni Jesus ang mga tao. Lubos Niya tayong pinahahalagahan na anupa't nagawa Niyang lasapin ang sumpa, ang mahiwalay sa Diyos, at mamatay para sa ating kapakanan. At nang Siya ay muling nabuhay, pinatunayan Niya na Siya ay talagang tunay na Diyos. Pansinin mo ang Kanyang habag at kapangyarihan na ipinakita sa Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay. Isaalang-alang mo si Jesus.

---

Pagtingin sa Hinaharap

### Isabuhay
- Paano ipinahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili na mapagkakatiwalaan?
- Paano mo isasabuhay ang iyong natutunan tungkol sa Diyos?

### Praktisin
- Praktisin na isalaysay ang kwento sa bawat isa.

### Ibahagi
- Kanino mo ibabahagi ang kwentong ito?

### Manalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa iyong natutunan.
- Ipanalangin ang isa't-isa.
- Ipanalangin ang mga tao sa inyong komunidad.

## Aralin 9 Pagkakilala kay Jesus at ang Kanyang Kapatawaran
### Sumampalataya si Rivka (Lukas 24:36–50)

Pagbabalik tanaw

### Pagmamalasakit
- Ibahagi ang iyong kalagayan.
- Isabuhay ang pagbibigay.

### Pagsamba
- Sama-samang sumamba sa pamamagitan ng awit at panalangin.

### Pagdiriwang ng Katapatan
- Palakasin ang loob ng isa't-isa sa pamamagitan ng mga tagumpay na naranasan.

### Pagbabahagi ng Pangitain
- Palakasin ang loob ng isa't-isa na maging matapat Mga tagasunod ni Cristo.

---

Pagtingala

Narating na natin ang dulo ng ating serye habang binabalik-tanaw ni Maria ang kwento ng Diyos. Nakikita at nakikilala ng Diyos ang bawat isa sa atin. Siya ang Tagapagligtas, ang Diyos na nagkatawang-tao, ang naghahandog sa atin ng kapayapaan at kalayaan mula sa pagka-alipin. Siya ay makapangyarihan na buhayin ang patay at mahabagin na tugunan ang ating pinakamalalim na kapighatian at kalungkutan. Taglay Niya ang lahat ng awtoridad para magpatawad at maghatid ng katubusan, maging yaong kasuklam-suklam at kahiya-hiya nating mga gawa. Ang Kanyang salita ang siyang panapos sa lahat ng bagay, maging sa oras ng kamatayan. Panoorin mo ang naging tugon ni Rivka kay Jesus.

**Hakbang 1: Ipakita.** Panoorin ang segment ng dalawang beses.
**Hakbang 2: Ipahayag.** Hilingin sa isang kabahagi na isalaysay ang isang segment ng pelikula ayon sa kanyang sariling pangungusap.
**Hakbang 3: Kumpletuhin.** Hayaan ang grupo na punan ang ilang kakulangan sa kwento o kaya'y magbigay ng mga koreksyon.
**Hakbang 4:** Talakayin. Talakayan ng Grupo. Pagtalakay ng mga tanong.

1. *Ano ang pinaka nagustuhan mo sa kwento? Ano ang nakakuha ng iyong atensyon?*
2. *Anong katangian ni Jesus ang pinaka natatangi sa iyo?*
3. *Paanong ang makasalanan ay naipagkakasundo sa Diyos?*
4. *Hindi tiyak ni Rivka na siya ay maaaring patawarin. Bakit napakahalaga na ang kanyang tiwala ay dapat na nakasalig sa Salita ng Diyos at sa kapatawaran ng Diyos at hindi sa kung ano ang kanyang nararamdaman o inaasal?*
5. *Mayroon ba sa inyo na nanalangin gaya ni Rivka? Mayroon ba sa inyo na gustong gawin ang kanyang ginawa?*

**Pagpapalalim (higit pang talakayan hangga't may oras)...**

6. *Bakit mahalaga sa isang tagasunod ni Jesus na maging tiyak sa kanyang kaligtasan?*
7. *Nakikita mo rin ba ang sarili mo na nag-aalangan gaya ni Rivka? Kung Oo, maaari mo rin bang ibahagi ang iyong mga alangan at alalahanin.*
8. *Pinag-iisipan mo na ba na isuko ang iyong buhay ngayon kay Jesus?*

Gamitin ang QR code na ito upang panoorin ang segment sa iyong wika gamit ang iyong smart device.

### Konklusyon
Sa segment na ito, napanood natin si Rivka na nagpasyang sumunod kay Jesus. Isaalang-alang mo ang mga implikasyon ng pagsunod sa Kanya at kung ano ang ibig sabihin nito sa iyong buhay. Hangarin mo ba na mapalaya sa kasalanan? Na mapatawad at tumanggap ng katubusan? Na kilanlin at pahalagahan? Na magkaroon ng masasandalan sa buhay? Tunay na pananampalataya at matapat na pagsisisi sa ating mga kasalanan ang hinihingi sa atin ni Jesus. Sa sandaling ikaw ay lumapit sa Kanya, tiyak Niyang makikita at pararangalan ang iyong pananampalataya ngayon at magpakailanman. At ngayon nga na isinaalang-alang mo na si Jesus, oras na upang gumawa ka ng pagpapasya. Susunod ka ba sa Kanya?

** Paunawa sa Líder: Mahalaga na bigyan ang isang tao ng pagkakataong magpasya na sumunod kay Jesus. Siguraduhin mo na itanong sa grupo, "Mayroon bang nanalangin sa inyo na gaya ni Rivka? Mayroon ba sa inyo na gusto itong gawin?" Kung angkop na gawin, makipag-usap sa bawat babaeng kabahagi sa pagtitipon na kung saan ay hindi naririnig ng kanilang ka-grupo.*

---

Pagtingin sa Hinaharap

### Isabuhay
- Paano ipinahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili na mapagkakatiwalaan?
- Paano mo isasabuhay ang iyong natutunan tungkol sa Diyos?

### Praktisin
- Praktisin na isalaysay ang kwento sa bawat isa.

### Ibahagi
- Kanino mo ibabahagi ang kwentong ito?

### Manalangin
- Pasalamatan ang Diyos sa iyong natutunan.
- Ipanalangin ang isa't-isa.
- Ipanalangin ang mga tao sa inyong komunidad.

## Aralin 10 Pamumuhay na kasama si Jesus
### Pamumuhay bilang Kristiyano (Mateo 28:18–20)

Pagbabalik tanaw

**Pagmamalasakit**
- Ibahagi ang iyong kalagayan.
- Isabuhay ang pagbibigay.

**Pagsamba**
- Sama-samang sumamba sa pamamagitan ng awit at panalangin.

**Pagdiriwang ng Katapatan**
- Palakasin ang loob ng isa't-isa sa pamamagitan ng mga tagumpay na naranasan.

**Pagbabahagi ng Pangitain**
- Palakasin ang loob ng isa't-isa na maging matapat Mga tagasunod ni Cristo.

---

Pagtingala

Kung paanong si Maria ay nagbagong-buhay, ang pagsunod kay Jesus ay maghahatid rin sa iyo ng pagbabago. Tinatawag Niya tayo tungo sa dakilang layunin—ang ipamuhay ang Kanyang katangian, ang maghatid ng dangal, pag-asa, at kabutihan. Tinatawag Niya tayo na ibahagi sa iba ang salita ng buhay na bumago sa atin. Tinatawag Niya tayo na magtiwala sa Kanya, sa Kanyang salita at sa Kanyang utos, yamang alam natin na Siya'y nasa panig natin. Tinatawag Niya tayo na mamahinga sa Kanya sapagkat alam natin na nalalaman at nauunawaan Niya ang bawat bahagi ng ating buhay.

**Hakbang 1: Ipakita.** Panoorin ang segment ng dalawang beses.
**Hakbang 2: Ipahayag.** Hilingin sa isang kabahagi na isalaysay ang isang segment ng pelikula ayon sa kanyang sariling pangungusap.
**Hakbang 3: Kumpletuhin.** Hayaan ang grupo na punan ang ilang kakulangan sa kwento o kaya'y magbigay ng mga koreksyon.
**Hakbang 4:** Talakayin. Talakayan ng Grupo. Pagtalakay ng mga tanong.

1. *Ano ang pinaka nagustuhan mo sa kwento? Ano ang nakakuha ng iyong atensyon?*
2. *Ano ang larawan ng pagsunod kay Jesus?*
3. *Paanong ang huling salita ni Jesus ay naka-apekto sa iyo?*
4. *Anong bahagi sa iyong buhay ang nais mong baguhin ni Jesus?*

**Pagpapalalim (higit pang talakayan hangga't may oras)…**

5. *Ano ang higit mong ikinatatakot kapag hinayaan mong baguhin ni Jesus ang iyong buhay?*
6. *Paanong ang salita ni Jesus ay nagsisilbing hamon sa iyo?*

Gamitin ang QR code na ito upang panoorin ang segment sa iyong wika gamit ang iyong smart device.

### Konklusyon

Pagbulayan mo ang tatlong pangunahing elemento sa huling mga salita ni Jesus sa Kanyang mga alagad. Ipinahayag ni Jesus na ibinigay na sa Kanya ang lahat ng awtoridad sa langit at sa lupa. Dahil rito'y inuutusan Niya tayo na humayo at magdisipulo, na turuan ang mga tao na sundín ang lahat ng bagay na Kanyang iniutos. Sa pagsasagawa nito, tiniyak Niya na Siya'y sasaatin, hanggang sa wakas ng panahon. Isaalang-alang mo rin kung ano ang kabuluhan sa iyong buhay ng huling pahayag ni Jesus, ang Kanyang utos, at katiyakan. Isaalang-alang mo si Jesus.

Handa ka man o hindi pa na sumunod kay Jesus, nais mo bang magpatuloy na matuto tungkol sa Kanya at kung paano ka susunod sa Kanya? Marami pang mga pagkakataon ang pwede nating gamitin upang patuloy na matuto at lumago sa ating sama-samang espirituwal na paglalakbay. Bagamat ang bahaging ito ay nagbibigay na ng konklusyon sa ating materyal na *Isaalang-alang mo Jesus*. may ilan pang mga hakbang ang pwede mong gawin. Sana'y sama-sama pa rin nating talakayin kung ano ang itsura ng kasunod na paglalakbay para sa bawat isa sa atin. Ang *Rivka* at ang *Pagkakilala kay Jesus* ang mga mungkahing pag-aaral na hatid ng Jesus Film Project. Higit pang impormasyon ang makikita tungkol sa mga pag-aaral na ito sa ika-apat na hakbang ng Gabay para sa Líder. **Maaari mo ring ibahagi ang iyong natutunan sa iba at magpasimula rin ng sarili mong grupo na mag-aaral ng *Isaalang-alang mo si Jesus*. Humingi ka ng payo at suporta sa líder ng iyong grupo kung ano ang magandang sunod na hakbang na pwede mong gawin.**

---

Pagtingin sa Hinaharap

**Isabuhay**
- Paano ipinahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili na mapagkakatiwalaan?
- Paano mo isasabuhay ang iyong natutunan tungkol sa Diyos?

**Praktisin**
- Praktisin na isalaysay ang kwento sa bawat isa.

**Ibahagi**
- Kanino mo ibabahagi ang kwentong ito?

**Manalangin**
- Pasalamatan ang Diyos sa iyong natutunan.
- Ipanalangin ang isa't-isa.
- Ipanalangin ang mga tao sa inyong komunidad.

# *Isaalang-alang si Jesus*

Sampung (10)-Linggo na istratehiya para sa maliliit na grupo na komunidad

Jesus Film Project®
A Cru Ministry